# TASK FORCE PARA SA MULING PAGDIDISTRITO
# LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO
# MGA TALA O MINUTES

**Isinagawa sa pamamagitan ng Videoconference o Komperensiya sa Pamamagitan ng Internet**
*(Nagkaloob ng pamamaraang makasali mula sa ibang lugar sa pamamagitan ng teleconference o komperensiya sa pamamagitan ng telepono)*
**www.sfgovtv.org**

## Enero 29, 2022 – 10:00 AM

## Espesyal na Pulong

**Mga Kasapi:** Jeremy Lee, Jose Maria (Chema) Hernández Gil, J. Michelle Pierce, Matthew Castillon, Arnold Townsend, Lily Ho, Raynell Cooper, Chasel Lee, Ditka Reiner

1. **Panawagan ukol sa Pagsisimula ng Pulong at Pagtatawag ng mga Pangalan ng mga Inaasahang Dumalo**

   *Nagpulong ang Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa espesyal na sesyon sa pamamagitan ng videoconferencing, at nagbigay ng mga komento ang publiko sa pamamagitan ng teleconference noong Sabado, Enero 29, 2022. Nanawagan ang Tagapangulo (Chair) na si Reverend Townsend ukol sa pagsisimula ng pulong nang 10:04 a.m.*

   *Sa pagtatawag ng mga pangalan ng mga inaasahang dumalo, naitalang naroroon sina Tagapangulo Townsend, Miyembro Jeremy Lee, Miyembro Pierce, Miyembro Castillon, Miyembro Ho, Miyembro Cooper, Miyembro Chasel Lee, at Miyembro Reiner. Naitalang lumiban sa pulong si Miyembro Hernández Gil. May sapat na bilang ng kinakailangan na naroroong miyembro upang maidaos ang pulong.*

2. **Mga Hangganan o Boundary, Magkakalapit-bahay, at Tinututukang mga Komunidad (Communities of Interest) ng Distrito 3**

   *Mga Tagapagsalita: Bill Lee; hiniling sa Task Force na huwag paghiwa-hiwalayin ang Russian Hill, ang Nob Hill, at ang Chinatown sa isa't isa sa Distrito 3.*
   *Carol Ann Rogers (Russian Hill Neighbors o Mga Magkakapit-bahay sa Russian Hill); hiniling na isama ang lahat ng bahagi ng Russian Hill sa iisang superbisoryal na distrito.*
   *Bob Harrer (Barbary Coast Neighborhood Association o Asosasyon ng mga Magkakalapit-bahay sa Barbary Coast); hiniling na isaalang-alang ng Task Force ang pagpapalawak sa mga hangganan o boundary ng Distrito 3 nang pakanluran o westward tungo sa Van Ness Avenue sa bandang itaas ng Union Street.*

*Matthias Mormino (Chinatown Community Development Center o Sentro para sa Pag-uland ng Komunidad ng Chinatown); hiniling na kilalanin ng Task Force ang mga nangungupahan sa Single Room Occupancy (pang-isahan o pandalawahang kuwarto sa mga gusaling marami ang umuupa, SRO) na otel, bilang tinututukang komunidad o community of interest, at panatilihin silang magkakasama sa distrito.*
*Bruno Kanter, Presidente (North Beach Neighbors o Magkakapit-bahay sa North Beach); hiniling na panatalihin ng Task Force ang magkakalapit-bahay sa North Beach, ang Telegraph Hill, at sa Chinatown na magkakasama, at inirekomenda ang pagpapalawak ng distrito nang pakanluran at nang maisama ang lahat ng bahagi ng Russian Hill, at posibleng pati na rin ang mga lugar na nasa katimugan o south ng Market Street, kasama na ang East Cut.*
*Susan Ford; hiniling na kilalanin ng Task Force ang Russian Hill bilang tinututukang komunidad at panatilihin ang kabuuan nito sa iisang superbisoryal na distrito.*
*Theresa Flandrich; hiniling na panatilihin ng Task Force ang North Beach at ang Chinatown na magkasama sa Distrito 3.*
*Larry Yee, Presidente (Chinese Consolidated Benevolent Association o Pinangsama nang Makapagkawanggawang Asosasyon ng mga Tsino); hiniling na panatilihin ng Task Force na magkakasama ang mga magkakalapit-bahay na nasa Distrito 3, at hindi paghiwa-hiwalayin ang anumang mga komunidad na nasa loob ng kasalukuyan nang mga hangganan ng distrito.*
*Justin Hoover, Presidente (Chinese Historical Society o Samahang Historikal ng mga Tsino); hiniling na panatilihin ng Task Force ang mga magkakalapit-bahay na nasa kanlurang bahagi ng Broadway Tunnel sa iisang superbisoryal na distrito, at kilalanin ang lumalaking mga komunidad ng mga Tsino bilang tinututukang komunidad na nasa loob ng distrito.*
*David Pilpel; hiniling na rebyuhin ng Task Force ang mga hangganan na isinumite niya na naka-file na; inirekomenda na panatilihin ng Task Force ang Russian Hill sa Distrito 2; at isaalaang-alang ang pagdaragdag sa South Beach at sa East Cut, at ang posibleng pagdaragdag sa Treasure Island sa Distrito 3.*
*Jessica Ho (North Beach Merchants Association o Asosasyon ng mga Negosyante sa North Beach); hiniling na panatilihin ng Task Force ang North Beach at ang Tenderloin na magkasama sa iisang superbisoryal na distrito.*
*Janet Crane (Mixed Village San Francisco); inirekomenda na palawakin ng Task Force ang hangganan o boundary sa pagitan ng mga Distrito 2 at 3 nang pakanluran tungo sa Van Ness Avenue.*
*Stephen Taber (Russian Hill Neighbors); Hiniling na panatilihin ng Task Force ang Russion Hill nang buo sa loob ng iisang distrito.*
*Laura Li; inirekomenda na palawakin ng Task Force ang hangganan sa pagitan ng mga Distrito 2 at 3 nang pakanluran tungo sa Van Ness Avenue sa hilaga o north na bahagi ng Union Street, at isali ang magkakalapit-bahay sa Russian Hill at Nob Hill nang magkasama.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

## 3. Pagmamapa

*Seth Neill, Konsultant sa Muling Pagdidistrito (Q2 Data and Research); iniharap ang pinakabagong impormasyon ukol sa pagsisimula ng paggamit sa Kasangkapan sa Muling Pagdidistrito o Redistricting Tool ng San Francisco at sinagot ang mga tanong na iniharap sa kabuuan ng diskusyon.*

*Mga Tagapagsalita: Eileen Boken; humiling ng paglilinaw ukol sa pagdidistrito sa mga lugar ng lungsod na walang populasyon at nasa paligid ng Stonestown, Stern Grove, at Merced Manor. Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco o Liga ng Kababaihang Botante ng San Francisco); nagbahagi ng iba't ibang inaalala tungkol sa mga mapa na ibinabahagi ng publiko.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**4. Mga Ulat ng mga Miyembro ng Task Force at mga Ulat ng Kinatawan ng Departamento ng Lungsod/Pampublikong Opisyal**

*Ibinahagi ni Miyembro Chasel Lee na nagkaroon na siya ng mga pulong para sa debriefing o pagtatanong kasama ang mga organisasyong nakabase sa komunidad at nag-aaadbokasiya sa Distrito 5. Ibinahagi ni Miyembro Pierce na nagkaroon na siya ng mga diskusyon sa mga miyembro ng komunidad mula sa mga Distrito 10 at 3, ukol sa mga makukuhang materyales para sa pag-abot sa mas nakararami sa mga distrito.*

*Mga Tagapagsalita: Wala.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

*Naitalang naroroon na sa pulong si Miyembro Hernández Gil nang 11:58 a.m.*

**5. Mga Bagong Impormasyon sa Iskedyul ng Regular at Espesyal na Pulong**

*Ana Flores, Katuwang na Abugado ng Lungsod (Office of the City Attorney o Opisina ng Abugado ng Lungsod), nagkaloob ng maiksing pananalita ukol sa katayuan ng pagdedeklara ng emergency ng Mayor kaugnay ng pandemyang COVID-19, at ang posibleng mga epekto nito sa mga pulong sa mga distrito ng lungsod sa hinaharap.*

*Mga Tagapagsalita: David Pilpel; inirekomenda na amyendahan ng Task Force ang mga patakaran o bylaws upang magtakda ng lugar para sa mga regular na pulong sakaling bigyan na ng awtorisasyon ang harap-harapang mga pulong sa hinaharap; at inirekomenda na magsimula ang pulong sa Abril 13, 2022, sa mas maagang bahagi ng araw.*
*Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco); inirekomenda na isaalang-alang ng Task Force ang pagdaragdag ng mas maraming pulong sa Abril 2022, isaalang-alang ang pagsisimula ng mga pulong sa mas maagang bahagi ng araw, at isaalang-alang ang pagdaragdag ng karagdagang pulong na nakatuon sa Distrito 11.*
*Cheryl Thornton; ibinahagi ang iba't ibang inaalala sa Task Force.*

**Gumawa ng mosyon si Miyembro Pierce, at sumegunda si Miyembro Chasel Lee, na pagtibayin ang bagong impormasyon ukol sa iskedyul ng mga pulong ng Task Force ayon sa sumusunod, at na aprubahaan ang kabuuang iskedyul ng pulong ayon sa pagkakaharap nito sa Task Force:**

- **Pagdaragdag ng espesyal na pulong sa Biyernes, Marso 11, 2022, na magsisimula nang 3:00 p.m., at isasagawa nang remote (sa pamamagitan ng internet), at kung saan nakatuon ang usapan sa pagmamapa;**
- **Pagdaragdag ng espesyal na pulong sa Biyernes, Marso 18, 2022, na magsisimula nang 3:00 p.m., at isasagawa nang remote, at kung saan nakatuon ang usapan sa Distrito 8;**
- **Pagdaragdag ng espesyal na pulong sa Lunes, Marso 21, 2022, na magsisimula nang 5:30 p.m., at isasagawa nang remote, at kung saan nakatuon ang usapan sa pagmamapa;**
- **Pagdaragdag ng espesyal na pulong sa Biyernes, Miyerkules, Marso 23, 2022, na magsisimula nang 5:30 p.m., at isasagawa nang remote, at kung saan nakatuon ang usapan sa Distrito 9;**
- **Pagdaragdag ng espesyal na pulong sa Sabado, Marso 26, 2022, na magsisimula nang 10:00 a,m., at isasagawa nang remote, at kung saan nakatuon ang usapan sa pagmamapa;**
- **Pagdaragdag ng espesyal na pulong sa Sabado, Abril 2, 2022, na magsisimula nang 10:00 a.m., at isasagawa nang remote, at kung saan nakatuon ang usapan sa pagmamapa; at**
- **Pagdaragdag ng espesyal na pulong sa Sabado, Abril 9, 2022, na magsisimula nang 10:00 a.m., at isasagawa nang remote, at kung saan nakatuon ang usapan sa pagmamapa;**

**Pinagtibay ang mosyon ng sumusunod na pagboto:**

**Oo: 9 - Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner**

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**6. Pinakabagong Impormasyon ukol sa Plano para sa Pag-abot sa Nakararami**

*Mga Tagapagsalita: Cheryl Thornton; hiniling na mag-iskedyul ang Task Force ng sesyon para sa pagsasanay sa software sa pagmamapa, at isagawa ito sa mga aklatan ng mga distrito sa kabuuan ng lungsod, at hiniling na ibahagi ng Mga Konsultant sa Pag-abot sa mas Nakararami o Outreach Consultants ang listahan nila ng mga kontak na organisasyong nakabase sa komunidad, at nang maipaskil ito sa website ng Task Force. Sana Sethi (San Francisco Rising o Bangon San Francisco); hinikayat ang interesadong mga miyembro ng publiko na magkaloob ng detalyadong mga depinisyon ng tinututukang komunidad o community of interest sa kanilang pakikipagkomunikasyon sa Task Force, at inirekomenda na kumuha ang mga Outreach Consultants ng detalyadong impormasyon mula sa publiko ukol sa mga tinututukang komunidad. Lauren Girardin at Jen Tse (League of Women Voters San Francisco); ibinahagi ang iba't ibang inaalala*

*ukol sa pag-abot sa mas nakararami sa publiko. David Pilpel; ibinahagi ang iba't ibang inaalala ukol sa pag-abot sa mas nakararami sa publiko.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**7. Komento ng Pangkalahatang Publiko**

*Mga Tagapagsalita: Cheryl Thornton; ibinahagi ang iba't ibang inaalala kaugnay ng mga epekto ng muling pagdidistrito sa mga tinututukang komunidad sa kabuuan ng lungsod. Sena Sethi (San Francisco Rising); ibinahagi ang iba't ibang inaalala kaugnay ng pagkaunawa at paggamit ng wika sa mga pulong ng Task Force. Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco); ibinahagi ang iba't ibang inaalala ukol sa pakikilahok ng Task Force sa mga nagbibigay ng komento sa mga pulong ng Task Force, at muling isinaad na posibleng maapektuhan ang lahat ng distrito ng lungsod ng muling pagdidistrito. Jen Tse (League of Women Voters San Francisco); inirekomenda na obserbahan ng Task Force kung paano isinagawa ng County ng Los Angeles ang kabuuan ng mga pulong ukol sa muling pagdidistrito sa Espanyol noong Agosto 25 2021, hiniling na gawing mas prominente ang form para sa pagbibigay ng opinyon ng komunidad (community of input feedback form) sa website ng Task Force.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**8. Mga Bagay na Pag-uusapan sa Hinaharap**

*Hindi na nag-alok pa ang mga Miyembro ng Task Force ng anumang bagong bagay o item na pag-uusapan sa pulong, pero nagkaroon ng diskusyon ukol sa kung paano isinagawa ang pagkakasunod-sunod at istruktura ng mga gawain ng Task Force, kasama na ang diskusyon ukol sa pag-iikot ng mga presentasyon ng ilang miyembro ng Task Force ukol sa pagpapalahok ng mga tinututukang komunidad para sa pagbibigay ng opinyon, sa pagsisimula ng mga pulong na nakatuon sa espesipikong mga distrito.*

*Mga Tagapagsalita: Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco); inirekomenda na isalin sa dalawa o higit pang wika ang presentasyon ukol sa pagpapalahok sa mga tinututukang komunidad para sa pagbibigay ng opinyon. Cheryl Thornton; hiniling na dumalo ang Departamento ng mga Eleksyon (Department of Elections) ng pulong ng Task Force at magkaloob ng impormasyon ukol sa pagpaparehistro ng mga botante.*

**9. Pag-apruba sa Mga Tala ng Pulong noong Enero 12, 14, at 22, 2022**

*Mga Tagapagsalita: David Pilpel; ibinahagi ang iba't ibang inaalala ukol sa anyo ng mga tala o minutes na isinasaalang-alang.*

**Gumawa ng mosyon si Miyembro Chasel Lee, at sumegunda si Miyembro Pierce, na APRUBAHAN ang mga tala ng mga pulong noong Enero 12, 14, at 22, 2022 Pinagtibay ang mosyon ng sumusunod na pagboto:**

**Oo: 9 - Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner**

**10. Pagtatapos ng Pulong**

*Dahil wala nang iba pang pag-uusapan, natapos ang pulong ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa oras na 1:02 p.m.*

*Pakatandaan (N.B). Itinatakda ng mga Tala ng pulong na ito ang lahat ng aksiyong isasagawa ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito na nauukol sa mga usaping nakasaad, pero hindi kinakailangang naaayon sa pagkakasunod-sunod ng pagtalakay sa mga usaping ito sa pulong.*

**INAPRUBAHAN: Pebrero 4, 2022**
**Task Force para sa Muling Pagdidistrito**